

**VIRGINIA BEACH AMBULATORY SURGERY CENTER
PATAKARAN AT PAMAMARAAN**

KAGAWARAN: TANGGAPAN NG NEGOSYO

PAKSA: PATAKARAN SA TULONG PINANSYAL # 3.25

Layunin: Upang magtatag ng pamamaraang susundin sa VBASC para sa: pagtukoy ng pagiging kwalipikado ng mga pasyente para sa tulong pinansyal; pangangasiwa ng proseso ng aplikasyon para sa tulong pinansyal; at pagsasapubliko ng Patakaran.

Patakaran: Ang mga pasyenteng walang insurance para sa kalusugan at hindi makabayad ng kanilang pangangalaga ay maaaring maging kwalipikado sa libreng pangangalaga para sa mga kinakailangang serbisyong medikal tulad ng nakabalangkas sa patakarang ito.

Pamamaraan:

Pagiging Kwalipikado

Hindi available ang tulong pinansyal sa ilalim ng patakarang ito para sa mga co-payment, coinsurance, at nababawas para sa Medicare, Medicaid, Tricare/Champus, mga komersyal na kumpanya ng insurance para sa kalusugan, at iba pang nagbabayad na third party, o mga pasyenteng hindi tuwirang sumusunod sa mga kinakailangan para sa insurance, tulad ng pagkuha ng pahintulot o mga referral.

Walang awtoridad ang VBASC na mag-alok ng tulong pinansyal para sa mga singil mula sa mga physician o iba pang propesyunal sa pangangalagang kalusugang hindi empleyado ng VBASC. Dagdag pa, karaniwang hindi sakop sa ilalim ng patakarang ito ang mga serbisyong medikal na hindi kinakailangan.

Mga Kwalipikasyon

Kung ang pasyente na walang insurance ay may kitang katumbas o mas mababa ng 200% ng pederal na alituntunin sa kahirapan ay maaring kwalipikado para sa buong bayarin o 100% charity write off. Kapag natukoy na kwalipikado ang pasyente para sa tulong pinansyal sa ilalim ng patakarang ito, hindi na siya sisingilin para sa kinakailangang medikal na pangangalagang ibibigay ng VBASC.

Mga Paraan para sa Pag-apply o Pagkuha ng Tulong Pinansyal

Sa Pamamagitan ng Liham: Dapat ay kumpletuhin ng mga kwalipikadong pasyente ang Charity Care Application para sa tulong pinansyal at magbigay ng patunay ng kabuuang kita ng sambahayan upang maging kwalipikado para sa libreng pangangalaga. Ipapadala ang mga nakumpletong aplikasyon kasama ang mga pangsuportang dokumento sa:

Virginia Beach Ambulatory Surgery Center
Attn: Administration
1700 Will O Wisp Drive
Virginia Beach, VA 23454

Personal o Sa Pamamagitan ng Telepono: Available ang aplikasyon sa desk ng pagpaparehistro ng pasyente ng VBASC; o maaaring tumawag ang mga pasyente sa 757-496-6400 x335 upang humiling na ipadala ang aplikasyon.

Proseso ng Pag-apply at ang Pagtukoy ng Pagiging Kwalipikado

Upang isaalang-alang para sa tulong sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy, FAP), dapat isumite ng pasyente ang mga sumusunod:

- Kinumpletong aplikasyon sa Charity Care;
- Mga kopya ng pag-file ng income tax noong huling dalawang taon bilang patunay ng kabuuang kita ng sambahayan.

Ginagamit ang 200% ng pederal na mga alituntunin sa kahirapan upang tukuyin ang pagiging kwalipikado ng pasyente para sa charity na pangangalaga. Kung kwalipikado para sa charity na pangangalaga, mag-a-apply ang write off sa kabuuang balanse ng pasyente na kailangang bayaran sa kaukulang petsa ng serbisyo.

Maaaring kwalipikado para sa isang diskwentong hindi ibinibigay ng patakarang ito ang mga pasyenteng walang insurance na hindi natugunan ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa tulong pinansyal na nakabalangkas sa patakarang ito.

Tagal ng Pagiging Kwalipikado

May bisa ang inaprubahang tulong pinansyal para sa mga natitirang balanse ng pasyente sa mga account na kwalipikado sa oras ng aplikasyon. Hindi nalalapat ang tulong pinansyal sa mga mauunang petsa ng serbisyo o sa mga petsa ng serbisyo sa hinaharap.

Sukatan upang isapubliko ang Patakaran sa Tulong Pinansyal

Alam ng Virginia Beach Ambulatory Surgery Center na kadalasang hindi inaasahan ang mga gastos para sa mga medikal na kinakailangang pangangalagang pangkalusugan at maaaring napakalaki ng gastos sa mga serbisyo. Nakatuon ang VBASC sa pag-aalok ng tulong pinansyal sa mga kwalipikadong pasyente sa pamamagitan ng pagsasapubliko ng patakaran sa tulong pinansyal at pagbibigay ng impormasyon sa mga pasyente tungkol sa proseso ng pag-apply.

Gagamitin ang mga sumusunod na paraan upang ibigay ito sa publiko:

- Mga handout na naglalarawan ng Patakaran sa Tulong Pinansyal at available ang proseso ng pag-apply sa lugar ng pagpaparehistro.
- Kasama sa mga pahayag ng account ng pasyente ang impormasyon tungkol sa Patakaran sa Tulong Pinansyal at ang proseso ng pag-apply.
- Available para sa pagsusuri ang isang buod ng simpleng wika ng patakaran sa tulong pinansyal at proseso ng pag-apply sa pamamagitan ng website ng Virginia Beach Ambulatory Surgery Center @ www.vbasc.com.

Mga Gagawing Aksyon Sakaling Hindi Magbabayad (Mga Pangongolekta)

Gagawin ng VBASC ang lahat ng makatuwirang magagawa nito upang matukoy ang pagiging kwalipikado ng isang pasyente para sa tulong pinansyal bago magsagawa ng mga legal na pangongolekta Kasama sa mga katulad na gawain ang pagbibigay ng tulong sa proseso ng pag-apply, notification ng patakaran sa tulong pinansyal, pag-follow up sa mga pasyenteng hindi

kumpleto ang mga aplikasyon, at pagpapaalam sa mga aplikante hinggil sa pagtukoy ng kanilang pagiging kwalipikado.

Hindi magsasagawa ng mga pagkilos sa pangongolekta laban sa isang pasyente hanggang maisagawa ang pagtukoy sa pagiging kwalipikado. Pagkatapos ng makatuwirang pagsasagawa at nalamang hindi kwalipikado ang pasyente para sa tulong pinansyal na nakabalangkas sa patakaran o hindi tumutugon sa mga ginagawa ng VBASC upang makuha ang mga kinakailangang impormasyon, maaaring malagay sa alanganin ang account ng pasyente at ilipat ang account sa third-party na ahensya sa pangongolekta.

Maaaring magsagawa ng mga hindi inaasahang pangongolekta kasama ang mga pag-file ng reklamo, pagkuha ng legal na paghatol, paglalagay ng prenda sa mga ari-arian, pagbabawas ng kita, pag-attach ng bank account, pagsagawa ng mga debtor interrogatory, at pagpataw ng mga buwis. Kung makakatanggap ang VBASC ng hinihiling na impormasyong sinasabing kwalipikado ang pasyente sa ilalim ng patakarang ito anumang oras sa loob ng proseso ng pangongolekta, ititigil ang mga pangongolekta at ipapadala sa charity ang balanse ng account.
Setyembre 2013 Sinuri noong 3/2014, 3/2015, 6/2016